This VIS translation is out of date. When you give your patient this translation, also give them the up-to-date English version of it.
To get both, and to find out what was updated, go to www.immunize.org/vis

PAHAYAG NA IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakunang Pneumococcal Conjugate

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages.
See www.immunize.org/vis.
Maraming mga Pahayag sa Impormasyon sa Pagbakuna ay makukuha sa Espanyol at ibang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

☑ **Ang iyong doktor ay iminumungkahi na ikaw, o ang iyong anak ay kumuha ng dosis ng bakunang PCV13 ngayon.**

1 Bakit dapat mabakunahan?

Ang bakunang Pneumococcal conjugate (tinatawag na PCV 13 o Prevnar 13) ay iminumungkahi upang protektahan ang mga sanggol at bata, at iba pang mas nakakatandang bata at mga nasa wastong gulang na may ilang mga kundisyon sa kalusugan, **mula sa sakit na pneumococcal.**

Ang sakit na pneumococcal ay sanhi ng impeksyon ng bakteryang *Streptococcus pneumoniae*. Ang mga bakteryang ito ay naikakalat mula sa isang tao patungo sa isa pa sa pamamagitan ng malapitang pakikisalamuha.

Ang sakit na pneumococcal ay maaaring maging sanhi ng malalang mga problema sa kalusugan, kabilang na ang pulmunya, mga impeksyon sa dugo, at meningitis.

Ang meningitis ay isang impeksyon sa balot ng utak. Ang pneumococcal meningitis ay madalang (mas mababa pa sa 1 kaso sa kada 100,000 tao bawat taon), subalit ito ay nagiging sanhi ng iba pang mga problema sa kalusugan, gaya ng pagkabingi at pagkapinsala ng utak. Sa mga bata, halos 1 sa bawat 10 na kaso ang nagiging sanhi ng kamatayan.

Ang mga batang wala pang dalawang taong gulang ay nasa mas mataas na peligro na magkaroon ng malalang sakit kaysa sa mas nakakatandang bata.

Ang mga tao na may ilang medikal na mga kondisyon, mga taong lampas sa edad na 65, at ang mga naninigarilyo ay nasa mas mataas na peligro rin.

Bago magkabakuna, ang mga impeksyong pneumococcal ay naging sanhi ng maraming mga problema bawat taon sa Estados Unidos sa mga batang wala pang 5 taong gulang, kabilang ang:

- mahigit sa 700 na kaso ng meningitis,
- 13,000 na mga impeksyon sa dugo,
- halos 5 milyon na impeksyon sa tenga, at
- halos 200 mga kamatayan.

Halos 4,000 na nasa wastong gulang ang namamatay pa din bawat taon dahil sa impeksyon na pneumococcal.

Ang impeksyon na pneumococcal ay mahirap na gamutin dahil ang ilang mga uri ay lumalaban sa mga antibayotiko. Kaya't naging mas mahalaga ang **pag-iwas sa pamamagitan ng pagbabakuna.**

2 Bakunang PCV13

May mahigit sa 90 na uri ng bakteryang pneumococcal. Ang PCV 13 ay nagpoprotekta laban sa 13 sa mga ito. Ang 13 mga uri na ito ang nagiging sanhi ng pinakamalalang impeksyon sa mga bata at halos kalahati ng mga impeksyon sa mga nasa hustong gulang.

Ang PCV 13 ay karaniwang ibinibigay sa mga batang 2, 4, 6, at 12-13 buwan na edad. Ang mga bata sa mga sakop na edad na ito ay ang nasa pinakamalaking peligro na magkaroon ng mga malalang sakit na sanhi ng impeksyon na pneumococcal.

Ang bakunang PCV 13 ay iminumungkahi rin sa mga mas nakakatandang bata at sa mga nasa wastong gulang. Ang mga detalye ay maibibigay sa iyo ng iyong doktor.

Ang pangalawang uri ng bakunang pneumococcal, tinatawag na PPSV23, ay maaari ring ibigay sa ilang mga bata at mga nasa wastong gulang, kabilang na ang sinuman na lampas sa edad na 65. Mayroong hiwalay na Pahayag na Impormasyon sa Bakuna para sa bakunang ito.

3 Mga Pag-iingat

Ang sinuman na may nakakapagbanta ng buhay na reaksyon ng alerhiyang sa dosis ng bakunang ito, sa naunang bakunang pneumococcal na tinatawag na PCV7 (o Prevnar), o sa anumang bakuna na naglalaman ng diphtheria toxoid (halimbawa, DTaP), ay hindi dapat tumanggap ng PCV 13.

Ang sinumang may malubhang alerhiya sa anumang sangkap ng PCV 13 ay hindi dapat tumanggap ng bakuna. Sabihin sa iyong doktor kung ang taong binabakunahan ay may mga malalang alerhiya.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

This VIS translation is out of date. When you give your patient this translation, also give them the up-to-date English version of it.
To get both, and to find out what was updated, go to www.immunize.org/vis

Kung ang taong babakunahan sa araw ng pagbabakuna ay may sakit, ang iyong doktor ay maaaring magdesisyon na ilipat sa ibang araw ang pagtuturok.

Makapagbibigay ng dagdag na impormasyon ukol sa anuman sa mga pag-iingat na ito ang iyong doktor.

4 Mga Peligro

Sa anumang gamot, kabilang na ang mga bakuna, mayroong posibilidad ng mga side effect. Ang mga ito ay karaniwang hindi malala at nawawala nang kusa, subalit ang mga malalang reaksyon ay posible rin.

Ang mga naiulat na problema kaugnay ng PCV 13 ay nag-iiba ayon sa dosis at edad, ngunit karaniwan na:

- Halos 1 sa 3 ang nagkaroon ng pamamaga kung saan tinurukan.
- Halos 1 sa 3 ang nagkaroon ng sinat at halos 1 sa 20 ang nagkaroon ng mas mataas na lagnat (mahigit 102.2°F).
- Umabot sa halos 8 sa 10 ang naging iyakin o iritable.

Ang mga nasa wastong gulang na tumanggap ng bakuna ay nag-ulat ng pamumula, pananakit at pamamaga kung saan tinurukan. Naiulat din ang sinat, pagkahapo, sakit ng ulo, panginginig, o mga pananakit ng kalamnan.

Ang mga nakapagbabanta ng buhay na reaksyon ng alerhiya mula sa anumang bakuna ay napakadalang.

5 Paano kung may seryosong reaksyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

- Maghanap ng anuman na nagpapabalisa sa iyo, gaya ng mga tanda ng matinding reaksyon ng alerhiya, sobrang taas na lagnat, o pagbabago sa asal.

  Kabilang sa mga tanda ng malalang reaksyon ng alerhiya ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay magsisimula ilang minuto hanggang sa ilang oras matapos ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin mo ito ay isang matinding reaksyon ng alerhiya o iba pang emerhensiya na hindi na makakapag-antay, dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital o tumawag sa 9-1-1. Kung hindi, tawagan ang inyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksyon ay dapat na iulat sa "Vaccine Adverse Event Reporting System" (VAERS). Ang iyong doktor ay maaaring magsampa ng ulat na ito, o maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pahina ng web ng VAERS sa ***www.vaers.hhs.gov***, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon. Hindi sila nagbibigay ng payong medikal.

6 Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran ng Pinsala ng Bakuna

Ang Pambansang Programa para sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna (Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay binuo noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na sila ay maaaring napinsala ng bakuna ay makakakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng habol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382**, o pagbisita sa pahina ng web ng VICP sa ***www.hrsa.gov/vaccinecompensation.***

7 Paano ko malalaman ang higit pang impormasyon?

- Magtanong sa inyong doktor.
- Tumawag sa inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**, o
  - Bumisita sa pahina ng web ng CDC sa ***www.cdc.gov/vaccines***

Vaccine Information Statement (Interim)

PCV13 Vaccine

Tagalog

2 / 27 / 2013

42 U.S.C. § 300aa-26

Office Use Only

Translation provided by the California Department of Public Health